# Mga fryer para sa labasan



**Hinihiling ng National Fire Protection Association (*NFPA)* sa mga residente na iwasan ang paggamit ng mga outdoor fryer na ginagamitan ng gas dahil malaki ang panganib ng pinsala na dulot nito.**

**Iniinit ng mga outdoor fryer ang maraming litro ng mantika sa napakataas na temperatura. Malaki ang panganib na baka matapon ang mantikang ito at ang mga pinsalang ikarereresulta ay maaaring maging malubha.**

- Maaaring masagi o matumba ang mga fryer kapag nilalagyan o inaalisan ito ng pagkain, na nagpiprisinta ng mas malaking panganib na tumilamsik o matapon ang mantika. Ang mga outdoor fryer na may kasamang tuntungan ay pinakananganganib na matumba.
- Ang mantika ay iniinit sa mataas na temperatura para sa pagpiprito kung saan maaaring magningas ang mga singaw, na maaaring magresulta sa sunog.
- Kung gumagamit ka ng fryer sa panahong umuulan o nagniniyebe, mas malaki ang panganib na mapinsala. Kapag naulanan ng tubig o niyebe ang mainit na mantika, maaaring tumilamsik ito o maging steam na maaaring magdulot ng mga paso.
- Maraming sunog ang nangyayari kapag inililipat ang mga fryer sa looban o sa garahe para hindi maulanan ang kasangkapan.
- Ang pag-alis ng pagkain sa fryer patungo sa plato ay nagpiprisinta ng isa pang pagkakataong mapalapit sa mainit na mantika.
- Ang mga pagkaing hindi ganap na natunaw ay maaaring magdulot ng pagtilamsik ng mantika, na maaaring magdulot ng mga paso.



Nais ng **Winnipeg Fire Paramedic Service** na malaman ng mga residente ng Winnipeg ang panganib ng pinsala na nauugnay sa mga fryers. Ang paggamit ng mga fryer ng mga konsumidor ay maaaring mauwi sa malulubhang paso, iba pang mga pinsala, at pagkasira ng ari-arian.